Punto Central Luzon
Vol. 3, Number 19
Thursday, May 14, 2009

TULAD NG MGA MAMAMAHAYAG:

Historians ginigipit din sa pag-ipon ng impormasyon

500% INCREASE

Political, business leaders cry foul over new zonal valuation

By Dino Cervantes

CITY OF SAN FERNANDO – Political and business leaders in Pampanga have closed ranks again a Department of Finance (DOF) circular enforcing as much as 500 percent increase in the zonal valuation of lands in Pampanga, decrying this as "excessive, oppressive and exorbitant".

The leaders issued a resolution citing "public outrage" over the DOF move, even as it pushed "a five-year suspension in the increase in zonal valuation of land in Pamparga."

The resolution noted that the DOF's new land valuation scheme is "500 percent higher than the current zonal valuation for land in Central Luzon."

"The new valuation scheme mandated by the DOF circular was arrived at summarily without proper consultation with the affected stakeholders from both the pri-

Page 6 please

Historians ginigipit din...

FROM PAGE 1

Gayunpaman, sinabi nila na hindi sila tumitigil sa pananaliksik upang mailabas ang katotohanan sa pamamagitan ng ibat-ibang malikhaing pamamaraan.

"Ayaw na kaming papasukin sa mga library archives," ani Dr. Luis Camara Dery ng De La Salle University sa kanyang pahayag sa mga kalahok sa malayang talakayan na bahagi ng tatlong araw na Unang Pambansang Kumperensiya ng Bulacan at Pampanga para sa Kasaysayan, Sining at Kalinangan.

Ang nasabing kumperensiya ay sinimulan sa Holy Angel University sa lungsod na ito kamakalawa at matatapos sa pagsaksi ng mga kalahok sa Kneeling Carabao Festival sa bayan ng Pulilan sa Bulacan ngayong hapon (Huwebes).

Sinabi ni Dery na marami pang impormasyon ang nakatago ngunit dapat maihayag upang maituwid ang ilang bahagi ng kasaysayan.

"Mababulgar kasi ang lihim ng mga prayle kaya markado na kami sa mga library," aniya.

Inayunan naman ito ni Dr. Jaime Veneracion, ang pangunahing historyador at mananaliksik na Bulakenyo na nagtuturo ng kasaysayan sa University of the Philippines.

Sinabi ni Veneracion na marami siyang nakitang dokumento sa archives ng University of Santo Tomas (UST) library ngunit hindi siya nagkaroon ng pagkakataon na kopyahin iyon dahil ayaw na na rin siyang payagan ng mga namamahala sa library.

Gayunpaman, sinabi niya na hindi siya tumitigil sa pananaliksik sa kasaysayan upang maituwid ang ilang mahalagang bahagi nito.

Sinabi niya na patuloy pa rin siyang nakapag-iipon ng impormasyon sa tulong ng mga estudyanteng kanyang ginagabayan sa pananaliksik.

Para naman kay Jose Victor Torres ng De La Salle University, ginagamit niya ang mag bagong teknolohiya sa pananaliksik.

"May bago akong armas ngayon, ang aking digital camera, kaya hindi na na ako nagpapa-xerox, mas kumbinyente pa," ani Torres na naglahad ng kanyang pananaliksik hinggil sa mga armas na gamit ng mga Pilipino sa pakikidigma noong ika-16 na siglo.

Ayon sa tatlong otoridad sa pananaliksik sa kasaysayan, hindi simple ang kanilang ginagawa dahil kailangan muna nilang unawain ang mga dokumentong naiipon na karaniwan ay nakasulat sa wikang Kastila.

Ipinayo din nila sa mga kabataang nais magsaliksik na mag-aral ng salitang Kastila para maunawaan ang mga nilalaman ng mga lumang dokumento.

Iginiit pa ni Dery ang kahalagahan ng mga dokumentong nakasulat sa wikang Kastila.

"Yung mga dokumento sa Kastila ay record nating mga Pilipino, yung sa Ingles ay record ng mga Amerikano, kaya kung dedepende tayo sa English documents, ang makokopya natin ay pananaw ng mga Amerikano," aniya.

Una rito, sinabi nina Robby Tantingco ng Center for Kapampangan Studies at Jose Clemente na Arte Bulakenyo Foundation Inc.,(ABFI) na umaayon sa daloy ng panahon ang pagsasagawa ng nasabing kumperensiya.

Ayon kay Tantingco, mas binibigyang pansin ngayon ang mga lokal na kasaysayan bilang isang hakbang patungo sa pagkakakilanlang pampamayanan o community identity.

Sinabi niya na mahalaga ang community identity sa pagpapatibay ng isang bansa dahil ang pagkakakilanlan bilang isang bansa ay dapat nakabatay sa painagsasama-samang pagkakakilalan ng bawat pamayanang bumubuo dito.

Inayunan din ito ni Clemente na nagsabing pinaplano ngayon ng Department of Education na gawing bahagi ng pagaaral ng kasaysayan sa bawat paaralan ang pagaaral sa lokal na kasaysayan.

Sinabi niya na ang mga maiipong iprinisintang pananaliksik ng mga historyador ay magsisilbing kontribusyon ng kumperensiya sa Bulacan at Pampanga.

Nagpahayag naman ng pasasalamat si Dr. Agnes Crisostomo ng Center for Bulacan Studies sa ABFI dahil sa masigasig nitong pagtutulak upang maisagawa ang kumperensiya.

"Matagal na naming plano ang kumperensiyang ito ngunit di natuloy dahil sa dami ng trabaho, hanging isang araw ay dumating ang Arte Bulakenyo Foundation at nagmungkahi na pagtulungan ang pagsasagawa ng kumperensiya," ani Crisostomo.